

GREATER THINGS

BAHAGI 2: "WIRELESS CONNECTION"

PANIMULA

Lahat ng kailangan natin sa buhay at lahat ng kailangan natin upang makagawa para sa mga mas higit pang bagay ay nasa Diyos. Siya ang pinanggagalingan ng walang hanggang kapangyarihan, lakas, kagalingan, katalinuhan, pagmamahal at lahat ng bagay na kailangan natin tungo sa masaganang buhay. Wala tayong alinlangan sa Kanyang dakilang pagmamahal at sa puso Niya na tutulungan at bibigyan Niya tayo ng kakayahan na makamit natin ang lahat ng pinakamagandang ninanais ng Diyos para sa atin. Ito ngayon ang tanong: "Kumusta ang koneksyon mo sa Diyos?" Kailangan natin ang malakas na signal ng "wireless connection" sa Diyos Ama nang sa gayon ay magkaroon tayo ng lubos na pag-angkin sa kapangyarihan ng Diyos.

MGA TANONG PARA SA TALAKAYAN

PUKAWIN/GISINGIN

1. Kailan ka huling nag-text o nakipag-usap sa telepono? Bilangin kung ilang beses kang tumawag at nag-text sa araw na ito. Ikumpara ito sa mga ka-grupo.
2. Nakatawag ka na ba sa telepono/cellphone na di maganda ang reception? Ano ang nangyari? Ano ang naramdaman mo ukol sa bagay na ito?
3. Mabubuhay ka ba kahit wala kang cellphone? Ano sa palagay mo ang magiging kaibahan kung wala kang telepono?

MAKIAYON

4. Basahin ang kwento ni Elijah at ang biyuda sa I Hari 17:7-24. Ano ang sinasabi ng kwento tungkol sa relasyon ni Elijah sa Diyos?
5. Naranasan mo na bang magkaroon ng panalanging sinagot ng Diyos? Ibahagi ito sa grupo.
6. Naranasan mo na bang manalangin nang walang kasagutan? Ano ang naramdaman mo? Sa palagay mo, bakit nangyari iyon? Mababago ba ng nangyaring iyon ang relasyon mo sa Diyos?
7. Ano ang ibig sabihin ng Jeremias 33:3 para sa iyo?

GAWIN

8. Ano ang mga balakid na naranasan mo sa regular na pakikipag-ugnayan mo sa Diyos? Ano ang mga bagay na maaari mong gawin para mapaglaban ang mga ito?
9. Magbigay ng 2 bagay na gagawin mo sa linggong ito para mapag-ibayo ang iyong kaugnayan sa Diyos.

PAGSULONG

Pinasimulan ni Hesus ang daan para sa atin para ma-enjoy natin ang "wireless connection" na meron Siya sa Diyos Ama. Ginawa Niyang possible para sa atin na makipag-ugnay sa Diyos Ama upang magawa natin ang mga bagay na nagawa Niya. Patuloy na pag-ibayuhin ang koneksyon mo sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus at patuloy kang makipag-usap sa Kanya. Kung gusto mo ng mga mas higit pang mga bagay sa taong ito, makipag-ugnay ka sa mismong puso ng Diyos Ama.

PAGPAPANIBAGO NG ISIP

"Kung tatawag ka sa akin, tutugunin kita, at ipapahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan." (Jeremias 33:3)